

APENDISE A

		Numero ng Rebisyon	0	Petsa ng Rebisyon	
Standard na Pamamaraan sa Pagpapatakbo	Orihinal na Petsa: 10/31/2019	Binago ni		Pag-apruba ng Rebisyon	
Paksa: Pagtigil ng Serbisyong Tubig sa Tirahan		Paglalarawan ng Rebisyon			

PATAKARAN SA PAGTIGIL NG NG SERBISYONG TUBIG SA TIRAHAN

Talahanayan ng Mga Nilalaman

Seksiyon

1.	PALIWANAG SA PATAKARAN	18
2.	MGA KAHULUGAN	19
3.	MGA KASUNDUAN SA ALTERNATIBONG PAGBABAYAD.....	19
4.	PROSESO NG MGA APELA:.....	21
5.	MGA SINGIL SA NAKALIPAS NA PETSANG PAGBABAYAD/BAYARIN SA PAGKAHULI	21
6.	ABISO SA PAGPUTOL NG SERBISYO	22
7.	PAGPUTOL NG SERBISYONG TUBIG	23
8.	MULING PAGKABIT NG SERBISYONG TUBIG (PAGPAPATULOY NG SERBISYO) 24	
9.	MGA IBINALIK NA BAYAD	25

1. PALIWANAG SA PATAKARAN

Dinedetalya ng patakarang ito ang mga administratibong pagkilos ng Distrito patungkol sa mga de-linkuwenteng account at paghinto ng serbisyong tubig sa tirahan. Kasama dito ang mga abiso, pag-aayos sa bayad, mga apela sa account, mga bayarin, paghinto ng serbisyo at muling pagkokonekta ng serbisyo. Susunod ang patakarang ito sa lahat ng aspeto ng *Water Shutoff Protection Act* (SB 998), na ipatutupad sa Pebrero 1, 2020.

Makokontak mismo ang kawani ng distrito sa punong tanggapan (828 Seventh St., Eureka, CA, 95501) o sa telepono (707-443-5018) para talakayin ang mga opsiyon para maiwasan ang paghinto ng serbisyong tubig sa tirahan para sa hindi pagbabayad sa ilalim ng mga tuntunin ng patakarang ito.

Ang kopya ng patakarang ito ay makukuha ng publiko sa website ng Distrito at nang nakasulat kapag hiniling. Ang patakarang ito ay makukuha sa Ingles, Espanyol, Vietnamese, Koreyano, Tsino, at Tagalog.

2. MGA KAHULUGAN

- a) May-ari ng Account (Kostumer): Ang (mga) taong pinansiyal na responsable para sa pagbabayad sa retail na utility ng serbisyong tubig sa isang lokasyon.
- b) Alternatibong Bayad na Kasunduan: Isang nakasulat na kasunduan sa pagitan ng May-ari ng Account at ng Distrito na nagbibigay ng bayad ng kasalukuyan o mga delinkuwenteng singil sa isang alternatibong iskedyul. Lahat ng mga alternatibong kasunduan bayad na kasunduan ay dapat hilingin ng may-ari ng account at aprubahan ng Distrito. Tingnan ang mga partikular na detalye sa *Mga Kasunduan sa Alternatibong Pagbabayad*, #3-a1.
- c) Proseso ng Mga Apela: Nakasulat na hiling ng may-ari ng account sa Tagapamahala ng Negosyo para sa pagrepaso, pagtalakay at posibleng pag-aayos ng singil at/o balanse ng retail na account ng utility ng tubig. Tingnan ang mga partikular na detalye sa *Proseso ng Mga Apela*, #4.
- d) Tagapamahala ng Negosyo: Ang Tagapamahala ng Negosyo ng Distrito.
- e) Hindi-Pagbabayad: Kabiguan ng may-ari ng account na bayaran lahat ng mga singil (kasama ang mga multa) sa petsang nakatakda, isasailalim ang retail na account ng utility ng tubig sa potensiyal na pagputol ng serbisyo.
- f) Delinkuwenteng Account: Ang anumang account na hindi bayad, nang buo, sa pagsapit ng hatinggabi ng ika-23 ng buwan.
- g) Tagapagkaloob ng Pangunahing Pangangalaga: Alinman sa sumusunod: alinmang internist, general practitioner, obstetrician-gynecologist, pediatrician, family practice na doktor, hindi doktor na medikal na practitioner, o alinmang klinika ng pangunahing pangangalaga, rural na pangkalusugang klinika, klinika ng komunidad o outpatient na klinika ng ospital na kasalukuyang naka-enroll sa programang Medi-Cal, na sumasang-ayong magbigay ng pamamahala ng kaso sa mga benepisyaryo ng Medi-Cal.
- h) Pagputol ng Serbisyo (Lock-Off): Ang pagputol ng serbisyo sa isang address sa pagpatay at pagkandado ng metro, o pag-alis ng metro dahil sa hindi pagbabayad.
- i) Account na Maliit ang Balanse: Ang anumang balanse sa isang account na \$25.00 o mas mababa ay maaaring ipasa at idagdag sa susunod na panahon ng pagsingil nang hindi tinatasa ng bayad sa pagkakaantala o pagkakaroon ng higit pang pagkilos sa pagkolekta.

3. MGA KASUNDUAN SA ALTERNATIBONG PAGBABAYAD

- a) Anuman at lahat ng mga kasunduan sa alternatibong pagbabayad ay dapat hilingin ng may-ari ng account bago ang naka-iskedyul na petsa ng pagputol ng serbisyo (lock-off). Kasama sa Mga Kasunduan sa Alternatibong Pagbabayad ang: 1) Pag-aayos ng Alternatibong Pagbabayad/Pansamantalang Pagpapaliban ng Pagbabayad; 2) Amortisasyon ng Pagbabayad; 3) Bahagya o Buong Pagbabawas ng Hindi Bayad na Balanse.

- 1. Pag-aayos ng Alternatibong Pagbabayad/Pansamantalang Pagpapaliban ng Pagbabayad: Ang may-ari ng account na hindi makabayad sa retail na serbisyong tubig sa loob ng normal na panahon ng pagbabayad ay maaaring humiling ng pag-aayos sa alternatibong pagbabayad o pansamantalang pagpapaliban sa pagbabayad para maiwasan ang mga bayad sa pagkaantala o pagkaabala sa serbisyo. Isasaalang-alang ng Tagapamahala ng Negosyo ang lahat ng mga sirkumstansiya sa paligid ng paghiling at gagawa ng determinasyon kung ang pag-aayos ng pagbabayad ay kailangan.

2. *Amortisasyon ng Pagbabayad:* Ang mga pag-aayos sa pagbabayad na umaabot sa maraming buwan ay tinuturing na plano ng amortisasyon. Ang plano ng amortisasyon ay mag-a-amortize sa hindi bayad na balanse sa pinahabang panahong sinang-ayunan ng Distrito, na hindi lalagpas sa 12 buwan mula sa orihinal na petsa ng singil (maliban kung inaprubahan ng Tagapamahala ng Negosyo). Ang mga Plano ng Amortisasyon ay dapat nakasulat at nilagdaan ng may-ari ng account. Ang halaga ng amortized na pagbabayad ay kasalukuyang pagbabayad at dapat matanggap sa hatinggabi ng ika-23 ng bawat buwan. Ang may-ari ng account ay dapat sumunod sa mga tuntunin ng plano ng amortisasyon at manatiling nasa kasaluluyan dahil ang mga singil ay naiipon sa bawat kasunod na panahon ng pagsingil.
 3. *Bahagyang Pagbabawas ng Hindi Bayad na Balanse:* Ang paghiling sa bahagyang pagbabawas ng hindi bayad na balanse ng account ay dapat ibigay nang nakasulat sa Punong Tanggapan ng Distrito (828 Seventh St., Eureka, CA, 95501), at ipapasa sa Tagapamahala ng Negosyo. Isang kahilingan lang sa bawat May-ari ng Account ang maaaring ibigay sa loob ng labing-dalawang buwang panahon. Ang mga pasya ng Tagapamahala ng Negosyo ay pinal.
- b) Tanging isang aktibong kasunduan sa alternatibong pagbabayad ang maaaring umiral sa isang account sa anumang nasabing panahon. Ang may-ari ng account ay hindi nararapat na lumahok sa anumang kasunduan sa alternatibong pagbabayad kung nabigo siyang sumunod sa mga tuntunin ng naunang kasunduan sa alternatibong pagbabayad sa loob ng nakaraang labing-dalawang (12) buwang panahon.
 - c) Ang kabiguang sumunod sa mga tuntunin ng anumang kasunduan sa alternatibong pagbabayad na nakalista sa itaas ay magresulta na sumailalim ang account sa pagputol ng serbisyo. Maaaring putulin ang serbisyo (shut-off) kung alinman sa mga sumusunod ay maganap: (1) nabigo ang kostumer na sumunod sa mga tuntunin ng kasunduan sa alternatibong pagbabayad at ang paglabag ay nanatiling hindi naayos sa 60 araw na panahon o (2) kapag hindi binayaran ng kostumer ang kasalukuyan niyang singil sa serbisyo sa tirahan ng 60 araw o higit pa habang lumalahok sa kasunduan sa alternatibong pagbabayad.
 - d) Nananatili sa Distrito ang kakayahang pumili kung alin sa mga pagpipilian sa pag-aayos ng pagbabayad ang magagamit ng may-ari ng account, at maaaring itakda ang nasabing mga parameter para dito. (SB 998, Tsapter 6, §116910, atrikulo (b)2).
 - e) Obligasyon ng may-ari ng account na matiyak ang napapanahong pagsumite ng kumpleto at kasiya-siyang dokumentasyon na nagpapakita ng pagiging karapat-dapat na lumahok sa isang kasunduan sa alternatibong pagbabayad. Kung ang impormasyon ay hindi isinumite sa isang napapanahong paraan o kung hindi kumpleto ang impormasyon, magbibigay ang Distrito ng paunawa ng isang bagong nilalayong petsa ng pagdiskonekta na hindi mas maaga sa limang (5) araw ng kalendaryo pagkatapos ng pagpapadala sa koreo. Sa nasabing sirkumstansiya, ang tanging paraan para maiwasan ang pagdiskonekta ng serbisyo ay ang pagbabayad, nang buo, ng lahat ng mga singil sa pagiging delinkuwent.

4. PROSESO NG MGA APELA:

Kung nais ng may-ari ng account na iapela lahat o bahagi ng balanse ng account, ang nakasulat na kahilingan para dito ay dapat isumite sa Punong Tanggapan ng Distrito at ipapasa sa Tagapamahala ng Negosyo. Habang nakabinbin ang apela ng account, walang karagdagang Singil sa Lagpas na sa Nakatakda/Nahuli ang ilalapat sa balanse ng account. Hindi rin puputulin (shut-off) ng Distrito ang serbisyong tubig dahil sa hindi pagbabayad habang nakabinbin ang apela. (SB 998, 116908, §2b)

- a) Ang nakasulat na kahilingan para sa apela ay maaaring dalhin mismo ng tao o ipadala sa koreo sa punong tanggapan (828 Seventh St., Eureka, CA 95501).
- b) Dapat kasama ng nakasulat na kahilingan ang impormasyon sa pakikipag-ugnay sa may-ari ng account, ang hiniling na halaga na iaapela at ang paliwanag/pangangatwiran sa kahilingan.
- c) Dapat itong matanggap sa loob ng 60 araw ng pagbibigay ng singil na gustong iapela ng kostumer at bago ang naka-schedule na petsa ng pagputol ng serbisyo (shut-off).
- d) Para sa layunin ng apela, ang mga pinagtatalunang singil sa tubig at pinalalagay na balido. Ang pasanin ay nakasalalay sa may-ari ng account upang maipakita ang isang kamalian sa dahil sa pangungibabaw ng ebidensya.

5. MGA SINGIL SA NAKALIPAS NA PETA SA NG PAGBABAYAD/BAYARIN SA PAGKAHULI

- a) Anng Mga Singil sa Nakalipas na Petsa ng Pagbabayad/Bayaran sa Pagkahuli (kung angkop) ay tinatasa sa ika-24 ng buwan. Ang mga bayarin ay kinakalkula sa lahat ng mga account na may balanseng lagpas sa \$25.00 sa hatinggabi ng ika-23 ng buwan.
- b) Ang umiiral na balanse na ipinapasa sa ilang buwan ay maaaring matasa ng maramihang singil sa nakalipas na petsa ng pagbabayad/bayaran sa pagkahuli.
- c) Ang mga singil sa nakalipas na petsa ng pagbabayad/bayaran sa pagkahuli ay hindi itatasa sa mga hindi bayad na singil na paksa ng kasunduan sa alternatibong pagbabayad o sa mga hindi bayad na singil na paksa ng hindi matagumpay na apela at hindi bayad, nang buo, sa loob ng limang (5) araw kasunod ng apela.
- d) Maaaring humiling ang may-ari ng account ng pagpapaubaya ng singil sa nakalipas na petsa ng pagbabayad/bayaran sa pagkahuli kung hindi natasa ng bayarin sa nakalipas na petsa ng pagbabayad/pagkahuli sa loob ng nakaraang anim na buwan. Ang pag-apruba ng pagpapaubaya ay nasa diskresyon ng Distrito.
- e) Tingnan ang Schedule ng Bayarin (Apendise B) para sa mga kalkulasyon ng Mga Bayarin sa Nakalipas na Petsa ng Pagbabayad/Pagkahuli.

6. ABISO SA PAGPUTOL NG SERBISYO

a) 30-ARAW NA ABISO

1. Bilang isang kagandahang-loob, ang Distrito ay gagawa ng isang makatwirang, mabuting layuning pagsisikap upang ipaalam sa mga may-ari ng account na may delinkuwenteng account ng humigit-kumulang 30 araw pagkatapos ng paunang pagpapalabas ng singil.
2. Walang inaakong responsibilidad ang Distrito para sa telepono o ibang impormasyon sa pakikipag-ugnayan na hindi napanatiling up-to-date ng kostumer.

b) 60-ARAW NA ABISO

1. Bilang isang kagandahang-loob, ang Distrito ay muling gagawa ng isang makatwirang, mabuting layuning pagsisikap na abisuhan ang may-ari ng account na nananatiling hindi bayad ang account ng humigit-kumulang 60 araw pagkatapos ng pagpapalabas ng singil.
2. Walang inaakong responsibilidad ang Distrito para sa telepono o ibang impormasyon sa pakikipag-ugnayan na hindi napanatiling up-to-date ng kostumer.

c) ABISO SA SHUT-OFF

1. Ang Distrito ay gagawa ng isang makatwirang, mabuting layuning pagsisikap para abisuhan ang may-ari ng account na ang account ay nananatiling delinkuwente sa pangalawang linggo ng ikatlong buwan matapos ang unang singil ay inilabas (tinatayang 70-73 araw na delinkuwente).
 - i. Aabisuhan ang may-ari ng account ng halagang lagpas na ang petsa ng pagnanayad, ang petsa ng pagputol (shut-off) ng serbisyo, mga tagubilin kung paano kontakin ang Distrito para makipag-ayos sa pagbabayad o iapela ang singil, at ang pagkakaroon ng Patakarang ng Distrito sa Pagputol sa Serbisyong Residensiyal para sa Hindi Pagbabayad nang nakasulat.
 - ii. Ang panghuling abiso ay bibigyan ng hindi bababa sa pitong (7) araw bago ang pagputol ng serbisyong tubig. (SB 998, 116908, §a1A)
 - iii. Walang inaakong responsibilidad ang Distrito para sa telepono o ibang impormasyon sa pakikipag-ugnayan na hindi napanatiling up-to-date ng kostumer.
2. Kung ang address sa koreo ng may-ari ng account na nasa file sa Distrito at ang pag-aari kung saan ang serbisyong tubig ay nilaan ay magkaiba, may abisong ipapadala sa koreo sa address ng may-ari ng account at sa address ng serbisyo; naka-address sa "Occupant". (SB 998, 116908, §a1C)
3. Kung ang nakasulat na abiso sa diskoneksiyon ay isinauli sa pamamagitan ng koreo bilang hindi maihatid, gagawa ang Distrito ng makatiwirang, may mabuting layuning pagsusumikap na ilagat ang "Final Notice" sa mapapansing lugar sa address ng serbisyo na sasailalim sa pagputol ng serbisyong tubig. (SB 998, 116908, §a2)

d) MGA IBANG KLASE NG SERBISYO

1. Para sa mga serbisyong maliban sa okupado ng may-ari ng account na hiwalay na mga isang pamilyang tirahan, kabilang ang komersiyal, master meter, multi-unit na tirahang istraktura, kung saan ang off-site na may-ari/tagapamahala/employer ay ang may-ari ng account (kostumer), hindi

bababa sa sampung (10) araw bago ang pagputol ng serbisyong tubig, magtatangka rin ang Distritong abisuhan ang (mga) umookupa sa lugar kung saan nilalaan ang serbisyo ng nakabinbing pagwawakas ng serbisyo.

2. Sa sitwasyong nangungupahan/kasera, gagawa ang Distrito ng makatwirang, may mabuting layuning pagsusumikap para abisuhan ang mga umookupa, sa pamamagitan ng nakasulat na abiso, kapag ang account ng serbisyong tubig ay hindi bayad at sasailalim sa pagputol ng hindi bababa sa sampung (10) araw bago ang pagputol ng serbisyong tubig.
 - i. Aabisuhan ng nakasulat na abiso ang umuupa/umookupa na may karapatan silang maging may-ari ng account nang hindi inaatasang bayaran ang nakatakdang halaga sa delinkuwenteng account, sa kundisyon na payag silang akuin ang pinansiyal na responsibilidad para sa mga kasunod na singil sa serbisyong tubig sa address na iyon.
 - ii. Upang maipaubaya ang nakatakdang halaga sa delinkuwenteng account, dapat magbigay ang umuupa/umookupa ng pagpapatotoo sa pag-upa sa anyo ng kasunduan sa pag-upa o katibayan ng mga bayad sa pag-upa.

7. PAGPUTOL NG SERBISYONG TUBIG

- a) Lahat ng mga delinkuwenteng bayad sa serbisyong tubig ay dapat matanggap ng Distrito sa pagsapit ng hatinggabi sa araw na nakatukoy sa Panghuling Abiso. Ang anumang account ng kostumer na nananatiling hindi bayad at walang kasunduan sa alternatibong pagbabayad na lagpas sa petsang nakatakda sa panghuling abiso ay sasailalim sa pagputol (shut-off) ng serbisyong tubig.
- b) Lahat ng kahilingan sa kasunduan sa alternatibong pagbabayad o kahilingan para sa pag-apela ay dapat matanggap ng Punong Tanggapan ng Distrito (828 Seventh St., Eureka, CA, 95501) ng 5pm sa araw na nakatukoy sa nakasulat na abiso sa pagputol.
- c) Puputulin (shut-off) ng distrito ang serbisyong tubig sa pamamagitan ng pagpatay sa at pagkandado sa metro ng tubig sa petsang nilaan sa ika-30-Araw, ika-60-Araw at Panghuling Abiso sa Pagputol ng Serbisyo. Ang may-ari ng account (kostumer) ay sisingilin ng “Bayad sa Muling Pagpapakabit.” Tingnan ang Schedule ng Bayarin (Apendise B) para sa halaga ng Bayad sa Muling Pagpapakabit.
- d) Ang Kawani sa Field ng Distrito ay hindi makakagawa ng pag-aayos sa pagbabayad o makakatanggap ng mga bayad.
- e) Ang mga serbisyong tubig ay hindi isa-shut-off sa tirahan kung **LAHAT** ng mga sumusunod na kundisyon ay natugunan:
 1. Pagtanggap at pagpapatotoo ng Punong Tanggapan ng Distrito ng “*Sertipikasyon ng Medikal na Pangangailangan*” na nilaan ng Tagapaglaan ng Pangunahing Pangangalaga na nagsasaad na “*ang pagputol ng serbisyo sa tahanan ay banta sa buhay kay, o magpipinto ng malalang banta sa kalusugan at kaligtasan ng, residente sa lugar kung saan nilalaan ang serbisyo sa tahanan.*” (SB998 §116910, a1)

2. Ipinakita ng may-ari ng account (kostumer) na hindi nila kayang pinansiyal na bayaran ang serbisyo sa tirahan sa loob ng karaniwang siklo ng pagsingil ng Distrito. Ang may-ari ng account (kostumer) *“ay ituturing na walang pinansiyal na kakayahang bayaran ang serbisyo sa tirahan sa loob ng ...karaniwang siklo ng pagsingil kung sinumang miyembro ng sambahayan ng kostumer ay kasalukuyang tumatanggap ng CalWORKS, CalFresh, General Assistance, Medi-Cal, Supplemental Security Income/State Supplementary Payment Program, o California Special Supplemental Nutrition Program for Women, Infants, and Children, o dineklara ng kostumer na ang taunang kita ng sambahayan ay mas mababa sa 200 porsiyento ng pederal na lebel ng kahirapan.”* (SB998 §116910, a2)
3. Ang may-ari ng account (kostumer) ay handang pumasok sa isang kasunduan sa pag-aamortisasyon, alternatibong iskedyul ng pagbabayad, o isang plano para sa ipinagpaliban o nabawasang pagbabayad, na naaayon sa mga nakasulat na patakaran ng Distrito. (SB998 §116910, a3)
4. Obligasyon ng may-ari ng account na matiyak ang napapanahong pagsumite ng kumpleto at kasiyasigang dokumentasyon. Kung ang impormasyon ay hindi isinumite sa isang napapanahong paraan o kung hindi kumpleto ang impormasyon, magbibigay ang Distrito ng paunawa ng isang bagong nilalayong petsa ng pagdiskonekta na hindi mas maaga sa limang (5) araw ng kalendaryo pagkatapos ng pagpapadala sa koreo. Sa nasabing sirkumstansiya, ang tanging paraan para maiwasan ang pagdiskonekta ng serbisyo ay ang pagbabayad, nang buo, ng lahat ng mga singil sa pagiging delinkuente.

8. MULING PAGKABIT NG SERBISYONG TUBIG (PAGPAPATULOY NG SERBISYO)

- a) Upang maitaguyod muli o ipagpatuloy ang serbisyong tubig na pinutol dahil sa hindi pagbabayad, ang may-ari ng account (kostumer) ay dapat magbayad ng minimum na halaga sa nakalipas na petsa ng pagbabayad, singil sa nakalipas na petsa ng pagbabayad/bayarin sa pagkahuli at mga bayad sa muling pagkonekta na maitutukoy sa pagputol ng serbisyo.
- b) Ang mga plano sa pagbabayad at plano sa amortisasyon ng pagbabayad ay hindi makukuha ng may-ari ng account habang ang serbisyong tubig ay putol.
- c) Magsusumikap ang Distritong muling ikonekta ang serbisyo sa lalong madaling panahon sa pagitan ng mga oras ng 8:30am - 4:30pm sa mga normal na araw ng negosyo. Sa pinakamababa, muling ikakabit ng Distrito ang serbisyo bago ang pagtatapos ng susunod na regular na araw ng trabaho kasunod ang pagtanggap ng bayad.
- d) Maaaring walang tauhan ng Distrito na makakapaggawa ng muling pagkabit matapos ang oras ng trabaho. Kung mayroon, ang serbisyong naibalik makalipas ang 4:30pm Lunes-Biyernes, weekend, o holiday ay sisingilin ng bayad sa muling pagkakabit makalipas ang oras ng trabaho. Ang bayad sa muling pagkakabit makalipas ang oras ng trabaho ay bilang dagdag sa regular na bayad sa muling

pagkakabit at mga singil sa nakalipas na petsa ng pagbabayad/bayaran sa pagkahuli para sa delinkuwenteng account. Tingnan ang Schedule ng Bayarin (Apendise B) para sa halaga ng Bayad sa Muling Pagpapakabit.

- e) Ang mga metro ng tubig, curb cock, at kandado ay pag-aari ng Distrito, at kuwalipikadong kawani lang ng Distrito ang maaaring magpatakbo nito.
 - 1. Ang retail na serbisyong tubig na muling naikonekta o ipinagpatuloy ng sinumang indibiduwal maliban sa kawani ng Distrito ay sasailalim sa “Bayad sa Pangiangalam” at “Bayad sa Pagpalit ng Kandado”. Kung angkop, ang mga bayaring ito ay idaragdag sa account ng utility ng tubig ng may-ari ng account (kostumer), at sasailalim sa mga parehong patakaran ng mga serbisyo ng utility ng tubig at kung hindi nabayaran ay maaaring magresulta sa pagputol ng serbisyo.
 - 2. Tingnan ang Schedule ng Bayarin (Apendise B) sa Mga Bayad sa Pangiangalam at Bayad sa Pagpalit ng Kandado.
 - 3. Ang anumang pinsalang maganap bilang resulta ng hindi awtorisadong pagbabalik ng serbisyo ay responsibilidad ng may-ari ng account (kostumer). Ang anumang pinsala sa pag-aari ng Distrito (kandado, metro, curb cock, atbp.) na nag-aatas ng pagpalit ng kagamitan ay sisingilin sa account ng tubig na utility ng may-ari ng account. Kasama sa mga singil sa may-ari ng account ang halaga sa pagpalit at instalasyon ng nasirang pag-aari.
 - 4. Ang mga hindi bayad na balanse sa pagkasita sa pag-aari ng Distrito o samu’t saring singil ay sasailalim sa mga parehong patakaran ng mga serbisyo ng utility ng tubig at kung hindi nabayaran ay maaaring magresulta sa pagputol ng serbisyo.

9. MGA IBINALIK NA BAYAD

Kapag ang anumang bayad ay hindi tinanggap ng bangko ng kostumer (isinauling bayad), ang retail na account ng tubig ay ituturing na hindi bayad at sasailalim sa posibleng pagputol. Gagawa ang Distrito ng makatwirang, mabuting layuning pagsusumikap para abisuhan ang kostumer sa telepono o koreo ng isinauling bayad.

- a) Kung delinuwente ang account, ang serbisyong tubig ay puputulin (shut-off) kung ang halaga ng isinauling bayad at ang singil sa isinauling bayad (kung angkop) ay hindi binayaran sa o bago ang petsang nakatukiy sa (Mga) Abiso sa Paghinto ng Serbisyo. Tanging ang bayad sa anyong cash o cashier’s check ang tatanggaping pambayad para sa isinauling bayad at bayad sa isinauling bayad (kung angkop).
- b) Kung napagpasyahan na ang isang pagbabayad ay ginawa nang personal o online sa petsa ng deadline ng pagputol upang maiwasan ang pagkagambala sa serbisyo at/o ang bayad sa muling pagkokonekta, at ang pagbabayad na iyon ay sa kalaunan ay ibinalik ng bangko, ang isang pitong (7) araw na *Huling Paunawa ng Pagputol ng Serbisyo* ay ilalabas, pinapayuhan ang kostumer na ang pagbabayad para sa isinauling pagbabayad at ang singil sa ibinalik na bayad (kung naaangkop), ay dapat gawin sa petsa na

tinukoy sa Panghuling Abiso upang maiwasan ang pagputil sa serbisyong tubig at bayad sa muling pagkonekta. Ang bayad ay dapat gawin gamit ang cash o cashier's check lang.

c) Kung sakaling ang tseke o online na pagbabayad ng kostumer ay ibinalik ng bangkong hindi bayad ng tatlong (3) beses sa loob ng labing-dalawang (12) buwan na oras, isang sulat ang ipapadala sa koreo sa kostumer na nagpapatid sa kanila na ang cash o cashier's check lang ang tatanggapin bilang kabayaran sa panahong labing-dalawang (12) buwan mula sa pinakahuling ibinalik na pagbabayad.

d) Mga Isinauling Tseke at Bayad sa Dating Pinutol na Serbisyong Tubig

1. Sa kaganapan na ang isang may-ari ng account (kostumer) ay nagbigay ng isang hindi mapapagkasundong pagbabayad upang maibalik ang retail na serbisyong tubig na dati nang naputol dahil sa hindi pagbabayad at, nang may mabuting layunin, ibabalik ng Distrito ang retail na serbisyong tubig sa lokasyon; iuturing na hindi bayad ng Distrito ang delinkuwenteng account at maaaring agad na putulin ang serbisyong tubig nang hindi nagbibigay ng karagdagang abiso.

2. Ang sinumang may-ari ng account na nagbigay ng hindi mapapagkasunduang pagbabayad para maibalik ang retail na serbisyong tubig na pinutol dahil hindi nabayaran ay aatasang magbayad ng cash o cashier's check para maibalik ang anumang pagputol ng serbisyong tubig sa hinaharap sa 12 buwang panahon mula sa petsa ng isinauling bayad.